MGA PANALANGIN NG MAG-ANAK SA ADBIYENTO

Pagbabasbas ng Korona ng Adbiyento at Pagsisindi ng Kandila ng Adbiyento

Naging tradisyon na ang Pagbabasbas ng Korona ng Adbiyento at pagsisindi ng mga kandila nito sa simbahan at sa mga tahanan.

Ang pagbabasbas ng Korona ng Adbiyento ay ginaganap sa Unang Linggo ng Adbiyento o sa gabi bago ang Unang Linggo ng Adbiyento. Hinihikayat na ganapin ito sa ating mga tahanan kasama ang lahat ng kasapi ng pamilya.

Kadalasan ang Korona ng Adbiyento ay binubuo ng isang bilog na mga berdeng sanga na may apat na kandila. Ayon sa tradisyon, tatlo sa mga kandila ay kulay lila at ang ikaapat ay kulay rosas. Gayunpaman, maaari ring gumamit ng apat na lila o puting kandila.

Kinakatawan ng mga kandila ang apat na linggo ng Adbiyento at ang bilang ng mga kandila na sinisindihan kada Linggo ay tumutukoy sa bilang ng kasalukuyang Linggo ng Adbiyento. Ang rosas na kandila ay sinisindihan sa Ikatlong Linggo ng Adbiyento na kilala rin bilang "Gaudete Sunday."

Kapag ang pagbabasbas ng Korona ng Adbiyento ay ipagdiriwang sa tahanan, nararapat na ito ay basbasan ng isang magulang o ng isang kasapi ng pamilya.

Sa pagsisindi ng kandila bawat Linggo, ipapahayag ang Salita ng Diyos at sasambitin ang panalangin. Ang pagsisindi ng mga kandila ay maaaring simulan o sundan ng isang himno ng Adbiyento. Maari itong gawin bago maghapunan ang mag-anak.

Pamumunuan ang panalangin ng tatay o nanay, makikiisa ang ibang mga kasapi ng mag-anak sa panalangin, pagtungon, pag-awit, pagninilay at pagpapahayag ng Salita ng Diyos.

PAGBABASBAS NG KORONA NG ADBIYENTO

PASIMULA

Kapag natitipon na ang lahat ng kasapi ng pamilya, pamumunuan ng pinuno ng pamilya ang panalangin:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:

Amen.

Babatiin ng pinuno ng pamilya ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Kapuri puri ang Panginoon na tumatanglaw sa ating mga puso ngayon at magpasawalang hanggan.

Lahat:

Amen.

Sa mga sumusunod o katumbas na mga pangungusap, ihahanda ng pinuno ng pamilya ang lahat para sa pagbabasbas.

Mga kapatid, sinisimulan natin ngayon ang panahon ng Adbiyento. Buksan natin ang ating mga puso sa paghahanda natin sa pagdating ni Hesus sa ating mga buhay at tahanan. Ang mga kandila ng Adbiyento ang magpapaalala sa atin na pumarito si Hesus upang pawiin ang dilim ng kasalanan at tanglawan tayo ng kanyang liwanang na walang hanggan.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Mateo 1:18-25

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang pagbasa mula sa Mabuting Balita ayon kay San Mateo:

Ganito ang pagkapanganak kay Hesukristo. Si Maria na kanyang ina at si Jose ay nakatakda nang pakasal. Ngunit bago sila nakasal, si Maria'y natagpuang nagdadalang-tao. Ito'y sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Isang taong matuwid itong si Jose na kanyang magiging asawa, ngunit ayaw niyang mapahiya si Maria, kaya ipinasiya niyang hiwalayan ito nang lihim. Samantalang iniisip ni Jose ito, napakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tuluyang pakasalan si Maria sapagkat siya'y naglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Manganganak siya ng isang lalaki at ito'y panganganlan mong Hesus, sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan." Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta: "Maglilihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki, At tatawagin itong Emmanuel" ang kahuluga'y 'Kasama natin ang Diyos.'" Nang magising si Jose, sinunod niya ang utos ng anghel ng Panginoon; pinakasalan niya si Maria. Ngunit hindi ginalaw ni Jose si Maria hanggang sa maipanganak nito ang isang sanggol na lalaki na pinangalanan nga niyang Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGING PANGKALAHATAN

Pamumunuan ng pinuno ng pamilya:

Si Kristo ay pumarito upang hanguin tayo sa dilim ng kasalanan at nangakong muling babalik. Manalangin tayo upang tayo ay laging maging handa na tanggapin siya.

Lahat:

Halika, Panginoong Hesus.

Isang kasapi ng pamilya:

Upang mabuksan ang ating mga puso sa pag-ibig ng Diyos ngayong panahon ng Adbiyento, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Upang tanglawan at pagtagumpayan ng liwanag ni Kristo ang kadiliman ng kasalanan, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Upang ang korona ng Adbiyento ay patuloy na maging paalala sa atin na maghanda para sa pagdating ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Upang sa panahon ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoon mapuno tayo ng kapayapaan at kagalakan sa pagsisikap nating tularan si Hesus, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Pagkatapos ng panalanging pangkalahatan, aanyayahan ng pinuno ng pamilya ang lahat na dasalin ang "Ama Namin" sa mga sumusunod o katumbas na salita:

Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos at turo ni Hesus na Panginoon natin at Diyos ipahayag natin nang lakas-loob:

Lahat:

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

Ama naming mapagmahal,
pinasasalamatan ka namin
sa pagsusugo mo ng iyong anak
na si Hesus;
Siya ang Emmanuel,
ang pag-asa ng lahat ng tao;
Siya ang karunungan na gumagabay
at humuhubog sa amin;
Siya ang Tapagpagligtas
ng lahat ng bansa.
Pagpalain mo kami sa pagsisindi namin
ng mga kandila ng korona ng Adbiyento.
Nawa'y ang liwanag nito
ang maging tanda
ng pangakong katubusan kay Kristo.
Pumarito nawa siya at huwag magluwat.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.

Lahat:

Amen.

Sisindihan ang unang kandila ng korona ng Adbiyento.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng pamilya na nag-aantanda ng krus:

Nawa'y patnubayan tayo ng liwanag ni Kristo tungo sa kaganapan ng kanyang kaharian magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

Maaring umawit ng isang angkop na awitin.

PAGSISINDI NG IKALAWANG KANDILA NG ADBIYENTO

PASIMULA

Kapag natitipon na ang lahat ng kasapi ng pamilya, pamumunuan ng pinuno ng pamilya ang panalangin:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:
Amen.

Babatiin ng pinuno ng pamilya ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Kapuri puri ang Panginoon na tumatanglaw sa ating mga puso ngayon at magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Marcos 1:1-8

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang pagbasa mula sa Mabuting Balita ayon kay San Marcos:

Tuwirin ninyo ang mga landas ng Panginoon.

Nagsimula ito noong matupad ang hula ni Propeta Isaias: "'Narito ang sugo ko na aking ipadadalang mauuna sa iyo, ihahanda niya ang iyong daraanan.' Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: 'Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas!'"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

Ama naming makapangyarihan
at maaawain,
sa aming pagsalubong sa iyong Anak
huwag mong ipahintulot
na maging hadlang
ang aming mga pinagkakaabalahan.
Turuan nawa kami
ng kanyang karunungan
upang kami ay kanyang makapiling
kasama mo at ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

Sisindihan ang ikalawang kandila (lila) ng korona ng Adbiyento.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng pamilya na nag-aantanda ng krus:

Nawa'y patnubayan tayo ng liwanag ni Kristo tungo sa kaganapan ng kanyang kaharian magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

Maaring umawit ng isang angkop na awitin.

PAGSISINDI NG IKATLONG KANDILA NG ADBIYENTO

PASIMULA

Kapag natitipon na ang lahat ng kasapi ng pamilya, pamumunuan ng pinuno ng pamilya ang panalangin:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:
Amen.

Babatiin ng pinuno ng pamilya ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Kapuri puri ang Panginoon na tumatanglaw sa ating mga puso ngayon at magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Juan 1:6-8. 19-28

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang pagbasa mula sa Mabuting Balita ayon kay San Juan:

Kapiling ninyo ang Mesiyas na hindi ninyo nakikilala.

"Ako'y nagbibinyag sa tubig, ngunit nasa gitna ninyo ang isang hindi ninyo nakikilala. Siya ang susunod sa akin, subalit hindi ako karapat-dapat magkalag man lamang ng tali ng kanyang panyapak."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

Ama naming makapangyarihan,
tunghayan mo ang pananabik
ng iyong sambayanan
sa Pasko ng Pagsilang
ng Panginoon naming mahal.
Pasapitin mo kami sa kagalakang dulot
ng kanyang pagtubos
at pasiglahin mo kami
sa pagpapasalamat sa iyong kaloob
sa pamamagitan niya
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

Sisindihan ang ikatlong kandila (rosas) ng korona ng Adbiyento.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng pamilya na nag-aantanda ng krus:

Nawa'y patnubayan tayo ng liwanag ni Kristo tungo sa kaganapan ng kanyang kaharian magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

Maaring umawit ng isang angkop na awitin.

PAGSISINDI NG IKAAPAT KANDILA NG ADBIYENTO

PASIMULA

Kapag natitipon na ang lahat ng kasapi ng pamilya, pamumunuan ng pinuno ng pamilya ang panalangin:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:
Amen.

Babatiin ng pinuno ng pamilya ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Kapuri puri ang Panginoon na tumatanglaw sa ating mga puso ngayon at magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Lucas 1:26-38

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang pagbasa mula sa Mabuting Balita ayon kay San Lucas:

Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki.

"Makinig ka! Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki, at siya'y tatawagin mong Hesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

Ama naming makapangyarihan,
kasihan mo kami ng iyong pagmamahal
upang kaming nakabatid
sa pagbabalita ng anghel
tungkol sa pagkakatawang-tao
ng Anak mo
ay makapakinabang
sa kanyang pagpapakasakit
at pagkamatay sa krus
sa pagsapit namin
sa pagkabuhay niya sa langit
sa pamamagitan niya
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

Sisindihan ang ikaapat na kandila (lila) ng korona ng Adbiyento.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng pamilya na nag-aantanda ng krus:

Nawa'y patnubayan tayo ng liwanag ni Kristo tungo sa kaganapan ng kanyang kaharian magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

Maaring umawit ng isang angkop na awitin.

Archdiocesan Liturgical Commission
Manila

LITURHIYA SA HAPAG-KAINAN PARA SA DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO

LITURHIYA SA HAPAG-KAINAN PARA SA DAKILANG KAPISTAHAN NG PASKO

Tahimik na mananalangin ang buong pamilya sa palibot ng hapag-kainan na may nakatirik na dalawang walang sinding kandila. Pagkaraan ng ilang sandali magsisimulang manalangin ang ama ng pamilya.

Ama:

Kapuri-puri ka,
Panginoong naming Diyos,
na Siyang tumipon sa amin
sa hapag-kainan
sa pagdiriwang ng Pasko.

Ina:

Habang sinisindihan namin ang kandila
sa kapistahan ng Liwanag,
nawa'y ang walang-hanggang
liwanag ng Diyos
na sumisikat sa mga bituing marikit
ang umalot sa aming hapag-kainan,
at punin ang aming tahanan.
Nawa'y palibutan
ang aming hapag-kainan
ng Espirit ng Diyos
na nagbigay-liwanag sa bituin ng Belen
at punuin ang aming pagkain
at mga puso ng banal nitong liwanag.

Sisindihan ang mga kandila.

Ama:

Ngayon, saglit na huminto at tumahimik
ang bawat isa sa atin, at sa pasasalamat
itaas ang ating mga puso sa Diyos,
sa dakila at banal na kapistahan
ng kaarawan ng ating Tagapagligtas.

Huminto ng saglit para tahimik na manalangin.

Ama o Ina:

Panginoon ng Lahat na mga Kaloob,
napupuno ang aming tahanan
ng kasiyahan at dakilang kagandahan
sa kapistahan ng Pasko.
Nananabik at maligaya ang puso
ng bawat isa sa aming dumalo
sa Kapistahan ng Pasko.
Bilang isang pamilya,
pinasasalamatan Ka namin
sa mga kaob na pagkain
sa aming hapag-kainan,
laging nasasaisip na Ikaw, aming Diyos,
ang nagpapasiya na maging Pasko
ang bawat araw ng taon
sa pagkakaloob Mo ng iyong sarili
sa amin.
Pinasasalamatan Ka namin,
sa aming pagtitipon
upang magbahaginan ng kaligayahan
sa antigong araw ng pangilin na ito.
[Pinasasalamatan Ka namin
sa pagdalo ng aming mga panauhin
_____,
dahil ang pagpparito nila
sa aming tahanan
ay nakadagdag ng ningning
sa aming pagdiriwang.]

Ama o Ina:

Panginoon ng Lahat na mga Kaloob,
Banal na Ama ng aming Tagapagligtas
na si Hesus,
buong puso naming hinihiling
ang iyong pagpapala sa aming pagkain
at aming pamilya
[at sa kagalang-galang naming
mga panauhin
na nakikiisa sa amin
sa dakilang kapistahang ito].
Mapasaamini nawa
ang Iyong pagpapala,
sa ngalan ng Ama,
at ng Anak,
at ng Espiritu Santo.
Amen.

Lahat:

Maligayang Pasko
or Mapagpalang Pasko!

PAGBABASBAS AT PAGPUPUGAY SA IMAHEN NG SANGGOL NA SI HESUS SA TAHANAN

&

PAGBABASBAS NG MGA TAHANAN

(Sa Kapaskuhan/Simula ng Bagong Taon)

PAGBABASBAS AT PAGPUPUGAY SA IMAHEN NG SANGGOL NA SI HESUS SA TAHANAN

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Lucas 2:15-20

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas:

Noong makaalis na ang mga anghel, pabalik sa langit, ang mga pastol ay nag-usap-usap, "Tayo na sa Betlehem! Tingnan natin itong ibinalita sa atin ng Panginoon." At nagmamadali silang lumakad, at nakita nila sina Maria at Jose, at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Kaya't isinaysay nila ang mga sinabi ng anghel tungkol sa sanggol na ito; at nagtaka ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol. Natanim sa isip ni Maria ang mga bagay na ito at kanyang pinagbulay-bulay. Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan dahil sa lahat ng narinig nila at nakita na ayon sa ibinalita sa kanila ng anghel.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Amang makapangyarihan,
gayon na lamang
ang pag-ibig mo sa sanlibutan
kaya isinugo mo
ang iyong bugtong na Anak
na isinilang ng Birheng Maria,
upang iligtas kami
at akayin pabalik sa iyo.
Sa pagbabasbas mo sa mga imaheng ito
ng Niño Hesus, na paparito sa amin,
maging tanda nawa ito
ng iyong pananatili at pagmamahal
sa loob ng aming mga tahanan.

Amang tunay na mabuti,
basbasan mo rin kami,
ang aming mga magulang
ang aming buong mag-anak
gayundin ang aming mga kaibigan.
Buksan mo ang aming mga puso
upang tanggapin namin si Hesus
nang may galak,
ganapin lagi ang kanyang niloloob,
at mabanaag namin siya
sa lahat ng mga uhaw sa pag-ibig.

Hinihiling namin ito
sa pamamagitan
ng iyong minamahal na Anak,
si Hesus na naparito
para sa kapayapaan ng mundo.
Siya na nabubuhay at naghahari
kasama mo at ng Espiritu Santo,
Diyos, magpasawalang hanggan.
Amen.

Magpupugay ang mga kasapi ng pamilya sa imahen ng sanggol na si Hesus.

PAGBABASBAS NG MGA TAHANAN

(Sa Kapaskuhan/
Simula ng Bagong Taon)

Sa panahon ng Kapaskuhan, sa pagsisimula ng Bagong Taon, maaring basbasan ang tahanan at ang mga kasapi ng mag-anak. Magandang pagkakataon ito upang magtipon ang mag-anak sa panalangin upang magpasalamat sa Diyos, na pinagmumulan ng lahat ng mga pagpapala, sa biyaya ng tahanan at ng mag-anak na nananahan doon sa pagmamahal.

PASIMULA

Pinuno ng mag-anak:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:

Amen.

Babatiin ng pinuno ng mag-anak ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Maghari nawa ang kapayapaan sa tahanang ito at sa mga naninirahan dito.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Lucas 19:1-10

Pinuno ng mag-anak:

Mga kapatid, halina't makinig sa Banal na Salita ng Diyos nang makintal sa ating puso at diwaang aral na gabay ng mag-anak sa kanilang buhay.

Ipahahayag ng isang kasapi ng mag-anak ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Makinig tayo sa Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

Ang kaligtasa'y dumating ngayon sa sambahayang ito.

Noong panahong iyon, pumasok si Hesus sa Jerico, at naglakad sa kabayanan. Doo'y may isang mayamang puno ng mga publikano na nagngangalang Zaqueo. At pinagsikapan niyang makita si Hesus upang makilala kung sino ito. Ngunit siya'y napakapandak, at dahil sa dami ng tao, hindi niya makita si Hesus. Kaya't patakbo siyang nagpauna at umakyat sa isang puno ng sikomoro upang makita si Hesus na magdaraan doon. Pagdating ni Hesus sa dakong iyon, siya'y tumingala at sinabi sa kanya, "Zaqueo, bumaba ka agad, sapagkat kailangan kong tumuloy ngayon sa bahay mo." Nagmamadali siyang bumaba, at tuwang-tuwang tinanggap si Hesus. Lahat ng nakakita nito ay nagbulung-bulungan. "Nakikituloy siya sa isang makasalanan," wika nila. Tumayo si Zaqueo at sinabi, "Panginoon, ibibigay ko po sa mga dukha ang kalahati ng aking ari-arian. At kung ako'y may nadayang sinuman, apat na ibayo ang isasauli ko sa kanya." At sinabi sa kanya ni Hesus, "Ang kaligtasa'y dumating ngayon sa sambahayang ito; lipi rin ni Abraham ang taong ito. Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang naligaw."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGING PANGKALAHATAN

Pamumunuan ng pinuno ng mag-anak:

Mga kapatid, halina't dumulog sa Ama na bukal ng buhay ng lahat ng mga mag-anak at sambahayan.

Lahat:

Sapagkat lubha kang maawain.

Isang kasapi ng mag-anak:

Amang mapagmahal, loobin mong pamayanihan ng tapat na pagmamahalan ang aming tahanan. Iniluluhog namin: T.

Amang mapagkalinga, loobin mong maging bukas-palad kaming lagi sa mga kapos-palad, dukha at sawi. Iniluluhog namin: T.

Amang Maykapal, loobin mong maging masigasig kami sa pagpapalaganap ng iyong paghahari. Iniluluhog namin: T.

Ama naming mapagmahal, isinugo mo ang iyong Anak na si Hesus at nagkatawang tao sa sinapupunan ng Mahal na Birhen. Hinihiling naming na palagian naming mabatid ang iyong pananatili sa aming tahanan. Iniluluhog namin: T.

PAGWIWISIK NG BANAL NA TUBIG

Pinuno ng mag-anak:

Ang banal na tubig nawang ito ay magpaalaala ng pakikiisa sa kamataya't pagkabuhay ni Kristo sa sakramento ng binyag.

Lahat:

Amen.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

Ama naming makapangyarihan,
ipinahayag mo ang iyong Anak
sa mga bansang pinatnubayan
ng talang maliwanag.
Kaming mga sumasamba
nang may pananampalataya
ay loobin mong maitaguyod
hanggang makaharap
sa iyong kadakilaan sa kalangitan.

Basbasan mo ang tahanang ito
at ang lahat ng naninirahan dito.
Puspusin mo sila ng liwanag ni Kristo
upang ang kanilang malasakit sa kapwa
ay sumalamin ng iyong pag-ibig.

Sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Sanrto
magpasawalang hanggan.

Lahat:

Amen.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng mag-anak na nag-aantanda ng krus:

Silayan nawa ni Kristo ang ating puso at isipan, ngayon at magpakailanman.

Lahat:

Amen.

Maaring umawit ng awit na Pamasko o anumang angkop na awit.

MGA PANALANGIN NG MAG-ANAK SA PASKO

Pagbabasbas ng Belen,
“Christmas Tree” at Parol

PAGBABASBAS NG BELEN

Ang kaugalian ng paglalagay ng mga *figurine* na naglalarawan ng pagsilang ni Hesukristo ay nagmula kay San Francisco di Assisi na gumawa ng belen noong kapaskuhan ng taong 1223. Ang pagbabasbas ay maaring isagawa sa hating-gabi ng kapaskuhan o sa anumang angkop na panahon. Kung sa isang tahanan gagawin ang pagbabasbas ng Belen, higit na mabuti na isang magulang o isang kasambahay ang namumuno.

PASIMULA

Kapag natitipon na ang lahat ng kasapi ng pamilya, pamumunuan ng pinuno ng pamilya ang panalangin:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:

Amen.

Babatiin ng pinuno ng pamilya ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Purihin si Hesuskristo na naninirahang kapiling natin, ngayon at magpakailanman.

Lahat:

Amen.

Sa mga sumusunod o katumbas na mga pangungusap, ihahanda ng pinuno ng pamilya ang lahat para sa pagbabasbas.

Bilang paghahanda sa Pasko ating basbasan ang Belen. Ito ay nagpapahiwatig ng diwa ng Pasko. Sa ating pagninilay sa belen, ang Mabuting Balita ng kapanganakan ni Hesukristo ay nagkakaroon ng mas malalim na kahulugan. Tayo'y lubos na nagagalak sapagkat ang Anak ng Diyos ay nagkatawang-tao sa pamamagitan ng mapanglikhang kapangyarihan ng Espiritu Santo.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Lucas 1:1-14

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang pagbasa mula sa Mabuting Balita ayon kay San Lucas:

Nang panahong iyon, inutos ng Emperador Augusto na magpatala ang lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma. Ang unang pagpapatalang ito'y ginawa nang si Cirenio ang gobernador ng Siria. Kaya't umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang magpatala.

Mula sa Nazaret, Galilea, si Jose'y pumunta sa Betlehem, Judea, ang bayang sinilangan ni Haring David. Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa na noo'y kagampan. Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria at isinilang niya ang kanyang panganay at ito'y lalaki.

Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Sa lupain ding yaon ay may pastol na nasa parang, nagpupuyat sa pagbabantay sa kanilang mga tupa. Biglang lumitaw sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at lumaganap sa paligid nila ang nakasisilaw na kaningningan ng Panginoon. Natakot sila nang gayon na lamang, ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Kristong Panginoon. Ito ang palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban.

Biglang lumitaw sa tabi ng anghel ang isang malaking hukbo ng kalangitan, na nagpupuri sa Diyos: "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinanalugdan niya."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGING PANGKALAHATAN

Pamumunuan ng pinuno ng pamilya:
Hinubad ni Hesukristo ang kanyang pagka-Diyos at namuhay na isang alipin. Sinubok siya tulad natin sa lahat ng bagay at hindi nagkasala. Halina ngayon at tayo'y sumamba't manalangin sa kanya nang may malalim na pananampalataya.

Lahat:
Magdulot nawa ng kapayapaan ang iyong pagsilang.

Isang kasapi ng pamilya:
Dumating ka sa daigdig na nagpapahayag ng bagong kapanahunang inihula ng mga propeta. Bigyan ang iyong sambayanan sa bawat salinlahi ng biyaya ng pagpapanibago, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Minsa'y inako mo ang kahinaan ng aming kalagayan bilang tao. Maging tanglaw ka nawa sa mga hindi nakakakita, maging lakas sa mga nanlulupaypay at maging lugod ng mga naguguluhan, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Isinilang ka sa kahirapan at kababaan. Tunghayan ang mga dukha at sila'y bigyang kaluguran, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Sa pamamagitan ng iyong pagsilang, pagkalooban mo ang lahat ng tao ng galak sa pangako na walang hanggang buhay, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Dumating ka sa sanlibutan upang gabayan ang lahat patungo sa kaharian. Ibahagi ang iyong maluwalhating buhay sa mga pumanaw, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Pagkatapos ng panalanging pangkalahatan, aanyayahan ng pinuno ng pamilya ang lahat na dasalin ang "Ama Namin" sa mga sumusunod o katumbas na salita:

Manalangin tayo bilang isang angkan ng Diyos kay Hesukristo na ating Panginoon.

Lahat:
Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

O Diyos ng mga bansa at tanan,
sa simula pa ay ipinamalas mo
ang iyong pag-ibig.
Sa mga taong matindi ang pagdaing,
ipinadala mo ang iyong Anak
bilang tagapagligtas.
Isinilang ng Birheng Maria,
siya ay nagdulot ng tuwa at kapayapaan,
ng awa at pagmamahal.
Basbasan mo kaming lahat
na sa Belen ay tutunghay.
Maalaala sana namin lagi
ang kaabahan ng pagsilang ni Hesus
at itaas ang aming mga puso sa kanya,
ang Diyos na sumasaamin
at tagapagligtas ng lahat.
Siya na nabubuhay at naghahari
magpakailanman.

Lahat:
Amen.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng pamilya na nag-aantanda ng krus:

Silayan nawa ni Kristo ang ating puso at isipan, ngayon at magpakailanman.

Lahat:
Amen.

Maaring umawit ng awit na Pamasko o anumang angkop na awit.

PAGBABASBAS NG "CHRISTMAS TREE"

PASIMULA

Kapag naisaayos na ang "Christmas tree" ang lahat ng kasapi ng pamilya ay nakapaligid na magtitipon dito. Pamumunuan ng pinuno ng pamilya ang panalangin:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:

Amen.

Babatiin ng pinuno ng pamilya ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Purihin at ipagdangal ang Panginoon.

Lahat:

Amen.

Sa mga sumusunod o katumbas na mga pangungusap, ihahanda ng pinuno ng pamilya ang lahat para sa pagbabasbas.

Ang "Christmas tree" na ito ay isang pagpapala sa ating tahanan. Ito ay tanda ng kagandahan, kabutihan at pangako ng Maykapal. Ito ay nagpapaalaala na tayo ay tinatawag upang magbigay ng liwanag at ganda sa bawat isa. Sa pamamagitan ng "Christmas tree" na ito, naaalaala rin natin ang puno na nakatayo sa Paraiso at ang puno ng kaligtasan, — ang krus ng buhay na kung saan si Kristo ay nabayubay.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Tito 3:4-7

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo kay Tito:

Ngunit nang mahayag ang kagandahang-loob at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas, tayo'y iniligtas niya. Natamo natin ito hindi dahil sa ating mabuting gawa, kundi sa kanyang habag sa atin. Naligtas tayo at ipinanganak na muli sa Espiritu Santo na siyang luminis at nagbigay ng bagong buhay sa atin. Sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Hesukristo, ibinuhos sa atin ng Diyos ang Espiritu Santo upang tayo'y pabanalin ng kanyang pag-ibig at kamtan natin ang buhay na ating inaasahan.

Ang Salita ng Diyos.

T. Salamat sa Diyos.

PANALANGING PANGKALAHATAN

Pamumunuan ng pinuno ng pamilya:

Sa pamamagitan ng kanyang Anak, inihayag ng Diyos Ama ang kanyang kadakilaan sa mga tao. Kaya't halinang magpuri nang may kagalakan.

Lahat:

Panginoon, dakilain nawa ang iyong ngalan.

Isang kasapi ng pamilya:

Turuan mo kami ng pagmamahal sa kapwa, Panginoon tulad ng pag-ibig ni Kristo sa atin para sa kadakilaan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Punuin kaming lahat ng kagalakan at kapayapaan sa pananampalataya, upang sa tulong ng Espiritu Santo, tumahak kami nang may lakas at pag-asa, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Sa iyong awa, Panginoon, tulungan mo ang sangkatauhan. Maging malapit ka nawa sa mga naghahanap sa iyo kahit di nila namamalayan, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Ikaw ang tumatawag at nagmamahal sa mga hirang. Tulad ni Kristo, makapagdulot sana kami ng liwanag at kagandahan sa mundong ito, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Pagkatapos ng panalanging pangkalahatan, aanyayahan ng pinuno ng pamilya ang lahat na dasalin ang "Ama Namin" sa mga sumusunod o katumbas na salita:

Manalangin tayo bilang isang angkan ng Diyos kay Hesukristo na ating Panginoon.

Lahat:

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

O Diyos ng lahat ng mga nilikha,
pinasasalamatan ka namin
sa "Christmas tree" na ito
at sa kanyang kagandahang.

Ito ay nagpapaalaala ng pangako
ng buhay sa aming tahanan.
Basbasan mo po kaming lahat
na nagdiriwang ng Pasko.
Sa liwanag ng ilaw
ng "Christmas tree" na ito,
kami po ay naghihintay
sa huling pagdating ni Hesukristo
at sa walang hanggang katarungan
at kapayapaang idudulot niya.
Ikaw ang aming Diyos na nabubuhay
at naghahari magpakailanman.

Lahat:
Amen.

Ang mga ilaw ng "Christmas tree" ay sisisndihan.

Purihin at ipagdangal ang Panginoon.
T. Salamat sa Diyos.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng pamilya na nag-aantanda ng krus:

Silayan nawa ni Kristo ang ating puso at isipan, ngayon at magpakailanman.

Lahat:
Amen.

Maaring umawit ng awit na Pamasko o anumang angkop na awit.

PAGBABASBAS NG PAROL

PASIMULA

Kapag natitipon na ang lahat ng kasapi ng pamilya, pamumunuan ng pinuno ng pamilya ang panalangin:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Ang lahat ay mag-aantanda ng krus at sasagot:

Amen.

Babatiin ng pinuno ng pamilya ang lahat sa mga sumusunod na salita:

Purihin at ipagdangal ang Panginoon.

Lahat:

Amen.

Sa mga sumusunod o katumbas na mga pangungusap, ihahanda ng pinuno ng pamilya ang lahat para sa pagbabasbas.

Mga kapatid, saksi ang kagandahan ng sangnilikha sa pagsilang kay Hesus sa Betlehem sa Judea. Dulot nito ang kaligayahan sa ating mga puso at liwanag sa ating mga diwa. Sa pamamagitan ng liwanag at rikit ng Parol na ito, tanggapin natin si Hesus at anyayahang manatili sa ating piling at maakay tayo kay Kristo ang Liwanag ng Sanlibutan.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Mateo 2:1-12

Ipahahayag ng isang kasapi ng pamilya ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Kasulatan.

Mga kapatid, halina't ating pakinggan ang pagbasa mula sa Mabuting Balita ayon kay San Mateo:

Si Hesus ay ipinanganak sa Betlehem ng Judea noong kapanahunan ni Haring Herodes. Dumating naman sa Jerusalem ang ilang Pantas mula sa Silangan at nagtanung-tanong doon: "Nasaan ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin sa Silangan ang kanyang tala at naparito kami upang sambahin siya."

Nang mabalitaan ito ni Haring Herodes, siya'y naligalig, gayun din ang buong Jerusalem. Kaya't tinipon niya ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba sa Israel at itinanong sa kanila kung saan ipinanganak ang Mesiyas. "Sa Betlehem po ng Judea," tugon nila. "Ganito ang sinulat ng propeta:

'At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi nga huli sa mga pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo lilitaw ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayang Israel.'"

Nang mabatid ito, lihim na ipinatawag ni Herodes ang mga Pantas at itinanong kung kailan lumitaw ang tala. At pinalakad niya sila patungong Betlehem matapos pagbilinan ng ganito: "Humayo kayo at inyong hanaping mabuti ang sanggol. Kapag inyong natagpuan,

ibalita agad ninyo sa akin upang ako may makasamba sa kanya." At lumakad na nga ang mga Pantas. Muli silang pinangunahan ng talang nakita nila sa silangan hanggang sa sumapit ito sa tapat ng kinaroroonan ng bata gayun na lamang ang galak ng mga Pantas nang makita ang tala! Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ng kanyang inang si Maria. Lumapit sila at nagpatirapa at sinamba ang bata. Binuksan nila ang kanilang mga sisidlan at inihandog sa kanya ang dala nilang ginto, kamanyang at mira.

Nang sila'y pabalik na, sinabi sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng panaginip na huwag na silang babalik kay Herodes. Kaya, nag-iba na sila ng daan pauwi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
T. Pinupuri ka namin Panginoong Hesukristo.

PANALANGING PANGKALAHATAN

Pamumunuan ng pinuno ng pamilya:

Sa pamamagitan ng kanyang Anak, inihayag ng Diyos Ama ang kanyang kadakilaan sa mga tao. Kaya't halinang magpuri nang may kagalakan.

Lahat:
Panginoon, dakilain nawa ang iyong ngalan.

Isang kasapi ng pamilya:

Turuan mo kami ng pagmamahal sa kapwa, Panginoon tulad ng pag-ibig ni Kristo sa atin para sa kadakilaan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Punuin kaming lahat ng kagalakan at kapayapaan sa pananampalataya, upang sa tulong ng Espiritu Santo, tumahawak kami nang may lakas at pag-asa, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Sa iyong awa, Panginoon, tulungan mo ang sangkatauhan. Maging malapit ka nawa sa mga naghahanap sa iyo kahit di nila namamalayan, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Ikaw ang tumatawag at nagmamahal sa mga hirang. Tulad ni Krsito, makapagdulot sana kami ng liwanag at kagandahan sa mundong ito, manalangin tayo sa Panginoon. T.

Pagkatapos ng panalanging pangkalahatan, aanyayahan ng pinuno ng pamilya ang lahat na dasalin ang "Ama Namin" sa mga sumusunod o katumbas na salita:

Manalangin tayo bilang isang angkan ng Diyos kay Hesukristo na ating Panginoon.

Lahat:
Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

Dadasalin ng pinuno ng pamilya ang panalangin ng pagbabasbas ng magkadaop ang mga kamay.

Ama naming makapangyarihan,
ipinahayag mo ang iyong Anak
sa mga bansang pinatnubayan
ng talang maliwanag.
Kaming mga sumasamba
nang may pananampalataya
ay loobin mong maitaguyod
hanggang makaharap
sa iyong kadakilaan sa kalangitan.

Basbasan mo po kaming lahat
na nagdiriwang ng Pasko.
Sa liwanag ng ilaw ng Parol na ito,
nawa maging alaala
na kami ay mga anak ng liwanag.
Sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Sanrto
magpasawalang hanggan.

Lahat:
Amen.

PANGWAKAS

Sasambitin ng pinuno ng pamilya na nag-aantanda ng krus:

Silayan nawa ni Kristo ang ating puso at isipan, ngayon at magpakailanman.

Lahat:
Amen.

Maaring umawit ng awit na Pamasko o anumang angkop na awit.

Archdiocesan Liturgical Commission
Manila